



Ang Deklarasyon ng Asia Pacific (APAC)

Ang mga miyembrong organisasyon ng Coalition of Asia Pacific Tobacco Harm Reduction ay nananawagan sa eksperto sa Pampublikong Kalusugan at Gobyerno sa Asia Pacific Region (mga itinalagang bansang WHO SEARO at WHO WPRO) na isaalang-alang ang kalusugan ng kanilang mamamayan at itaguyod ang Tobacco Harm Reduction.

Mahigit sa 2 milyong katao sa rehiyon ang mamamatay dahil sa mapanganib na produktong tabako, tulad ng nasusunog at hindi ligtas na produktong tabako na likas sa rehiyon. Labis kaming nababahala na ang mga desisyon ay isinasagawa sa iba't ibang pagpupulong na hindi isinasaalang-alang ang mga siyentipikong katibayan na nagpapatunay sa benepisyo ng mas ligtas na nicotine products tulad ng e-cigarette, heated tobacco products at snus - na siyang maaaring pumalit sa nakamamatay na produkto at makapagdagdag sa bilang ng taon at pagiging produktibo sa buhay ng dalawang milyong tao.

Sa ngalan ng milyon milyong nakatatanda na gumagamit ng mas ligtas na nicotine products, at sa pagtataguyod ng 600 milyong naninigarilyo sa buong rehiyon na karapat dapat bigyan ng access sa mas ligtas na alternatibo, nananawagan kami sa Asia Pacific Conference on Tobacco or Health, na pinondohan ng Pfizer at Bloomberg, na ihinto ang pagtatalaga sa mga bigong patakaran na sinusupportahan ng kanilang taga-pondo, ngunit hindi naman natanggap ng mga siyentipiko, mga tagapagsaliksik at mga nangungunang demokrasya sa buong mundo.

Hinihimok namin ang lahat ng opisyal ng APAC na:

Mapagtanto na ang paninigarilyo ang pangunahing sanhi ng kamatayan at sakit na may kaugnayan sa tabako. Ang pagsusunog ng tabako ang pangunahing dahilan ng mga sakit na may kaugnayan sa paninigarilyo, hindi ang nicotine o paglanghap ng vapor. Ang paggamit ng tabako ay nagdudulot ng mahigit dalawang milyong kaso ng pagkamatay kada taon sa rehiyong Asia Pacific, at paninigarilyo ang pangunahing dahilan nito. Mahigit sa isang bilyon ang naninigarilyo ngayon at ipinagpapalagay ng WHO na mahigit sa isang bilyon ang patuloy na maninigarilyo sampung taon mula ngayon. Ang e-cigarette at mas ligtas na nicotine products ay nagkaloob sa atin, at maaari ring makapagbigay sa mga naninigarilyo, ng pagpipilian na makahinto at makaalis sa paninigarilyo. Kaya rin nitong pabilisin ang pagkawala ng paggamit ng sigarilyo. Dapat naisin nating masaksihan ito.

Kilalanin na kapansin pansing mas ligtas ang nicotine products kaysa sigarilyo at nakatulong na ito sa milyon milyong taong makatigil at makaalis sa mas mapanganib na sigarilyo. Ang paggamit ng vape at heated tobacco products ay hindi katulad ng paninigarilyo. Kapwa produkto ay gumagamit ng elektronikong

aparato upang makabuo ng vapor na naglalaman ng nicotine at hindi nangangailangan ng pagsusunog ng tabako. Ipinagtibay ng Public Health England na ang e-cigarettes ay 95% na mas ligtas kaysa sa paninigarilyo sa pamamagitan ng kanilang taunang pagsusuri gamit ang lahat ng katibayan mula sa pagsasaliksik.

Balikan na ang harm reduction ay nasa kaibuturan ng international treaty obligations. Itinatakda ng Framework Convention on Tobacco Control ang 'tobacco control' bilang "saklaw ng suplay, pangangailangan at pamamaraan sa pagbabawas na naglalayong mapabuti ang kalusugan ng populasyon." Ang Thailand ay nangunguna sa paggamit ng harm reduction na pamamaraan upang mapabuti ang pampublikong kalusugan sa iba pang mga konteksto. Marapat lamang na yakapin rin nito ang tobacco harm reduction.

Mapagtanto na ang vapers at mga naninigarilyo ang papasan ng labis na pag-iingat. Ang pagbabawal sa hindi maitatangging mas ligtas na produkto habang naghihintay sa kasiguruhang siyentipiko ay magbibigay daan sa sakit at maagang pagkamatay ng daan daang milyong naninigarilyo. Mapipilitan din ang mga mamimili ng mas ligtas na nicotine products na pumili sa pagitan ng paglabag sa batas at pagpuslit ng kanilang produkto o ang pagbalik sa paninigarilyo. Hindi ito katanggap-tanggap.

Gawan ng regulasyon sa halip na pagbawalan. Ang pagbabawal sa mas ligtas na nicotine products ay nagsisilbi lamang na proteksyon sa industriya ng sigarilyo. Ang pagkabahala na ang vaping ay maaaring makaakit sa kabataan o maaaring magsilbing daan tungo sa paninigarilyo ay salungat sa mga katibayan: Ang e-cigarette ay naging daan sa paghinto sa paninigarilyo para sa milyon milyong tao at kalakip nito ang pagbaba ng bilang ng paninigarilyo sa kabataan. Sa halip na ipagbawal, ang gobyerno ay nararapat na gumawa ng regulasyon para sa e-cigarettes upang mapakinabangan ang benepisyong alternatibo habang binabawasan ang posibilidad na gagamitin ito ng kabataan o ng mga non-smokers.

Risk Proportionate na Regulasyon. Ang mas ligtas na nicotine products ay dapat isailalim sa balanseng regulasyon, ngunit naaayon dapat sa kaakibat na panganib, at hindi katulad sa sigarilyo. Dapat itong ipagbawal sa kabataan. Nararapat lamang na mayroon itong mga babala sa kalusugan. Dapat itong isailalim sa angkop na pamantayang pangkalidad at pangkaligtasan batay sa mamimili. Hindi dapat silang gawan ng regulasyong katulad sa gamot. Ang pangangailangan ng klinikal na pag-aaral na nagpapatunay ng kaligtasan at efficacy nito ay hindi naaangkop dahil ito'y mataas na pamantayan para sa produktong hindi maipagkakailang mas ligtas kaysa sa sigarilyo. Ang pagbabawal sa nicotine products ay magsisilbi lamang na proteksyon sa industriya ng sigarilyo.

Pag-isipang muli ang dogma. Ang mas ligtas na nicotine products ay dapat itaguyod, hindi tuligsain na katulad sa sigarilyo, at lalong hindi dapat ipagbawal. Ang kalusugan ng mga naninigarilyo at kredibilidad ng gobyerno ang nakataya: Batay sa katibayang siyentipiko, sinasabing mas ligtas ang nicotine products kaysa sa nasusunog at mas mapanganib na tabako. Ipinapakita rin ng katibayang pang-istatistika na ang risk proportionate na regulasyong nagbibigay ng access sa mga nakatatanda na makatatanggap ng benepisyong mula sa produkto ay kaagad na makababawas ng access para sa mga may edad na mas mababa sa karamihan. Ang ating kalusugan at ang kredibilidad ng Gobyerno ang nakataya: Kailangang iwasan ng mga bansa na mapaghinalaang nagtataguyod ang mga ito ng interes para sa sigarilyo at industriya ng parmasyutiko. Hindi tayo dapat mapilitang pumili sa pagitan ng nakamamatay na produktong tabako o

hindi gaanong epektibong nicotine replacement therapies.

Alalahaning ang pampublikong pangkalusugan ay tungkol sa mamamayan. Tanggaping ang siyentipikong ebidensya at ang propesyunal na opinion ng eksperto na nagsasabi nang walang pag-aalinlangan, na alam nilang mas ligtas ang nicotine products kaysa sa paninigarilyo. Alam ninyong milyon milyong naninigarilyo ang nabigong huminto batay sa pagpipiliang mayroon sa ngayon. Alam ninyo na ang mas ligtas na nicotine products ay nakatulong sa milyon milyong tao na makahinto sa paninigarilyo sa buong mundo. Oras na para sa mga pampublikong opisyal at mga gobyerno na sabihin ang katotohanan sa milyon milyong vapers at isang bilyong naninigarilyo. Ang paglipat sa mas ligtas na nicotine products ay mas nakabubuti para sa indibidwal at para sa pampublikong kalusugan kaysa sa patuloy na paninigarilyo.

Sabihin lang ang katotohanan. Ang paglipat sa mas ligtas na nicotine product, na may kaakibat na regulasyon, ay mas makabubuti kaysa sa patuloy na paninigarilyo.

Ika-2 ng Setyembre, taong kasalukuyan

Ayon sa mga miyembro ng tagapagtaguyod ng Coalition of Asia Pacific Tobacco Harm Reduction :

Thank you for using www.freepdfconvert.com service!

Only two pages are converted. Please Sign Up to convert all pages.

<https://www.freepdfconvert.com/membership>